



### Hinihingi ng Lungsod ng Brampton ang opinyon ng publiko tungkol sa Karagdagang mga Panresidensyang Unit

BRAMPTON, ON (Abril 20, 2021) – Gustong malaman ng Lungsod ng Brampton ang opinyon ng komunidad tungkol sa [Karagdagang mga Panresidensyang Unit o Additional Residential Units \(ARU\)](#) bilang tugon sa [Housing Brampton](#), ang estratehiya ng Lungsod sa abot-kayang pabahay, na makakatulong sa mas mabilis na paghahatid ng bagong suplay ng pabahay sa pamilihan.

Binabago ng Bill 108 More Homes, More Choice Act, 2019, ng Lalawigan ang umiiral na system ng pagpapalano sa paggamit ng lupa ng Ontario, na nangangailangan sa mga munisipalidad na gamitin ang mga patakaran na nagpapahintulot sa dagdag na panresidensyang unit sa nakahiwalay na istruktura.

Ang paggawa ng mga patakaran tungkol sa mga ARU ay nilalayon para bawasan ang mga balakid sa zoning, lumikha ng mas maraming suplay ng pabahay, at dagdagan ang abot-kayang mga opsyon sa loob ng lungsod.

Iniimbitahan ang mga residente na ibahagi ang kanilang feedback sa pamamagitan ng online survey [dito](#).

-30-

#### **MEDIA CONTACT**

Monika Duggal  
Coordinator, Media & Community Engagement  
Strategic Communication  
City of Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)